# P A N A W A G A N

Ang nagkakaisang hanay ng mga mag-aaral, mga guro, at mga mangagawa ng Pamantasan ng Pilipinas ay nagtagumpay na palayasin sa kampus ang mga pasistang tropa ng pamahalaan. Ang hindi makatarungang pagsalakay sa pamantasan at ang magiting na pagtanggol ng nagkakaisang hanay na nagbunga sa tagumpay ay nabatid, at ikinaligaya ng progresibong sektor ng ating bansa. Dahil sa bigat ng pagkakamali ng malapasistang pagsalakay, ang mga progresibong "moderate" at ang progresibong "radical" ay minsan pang nagkaisa upang ang bantang kasamaan ay ibuwal.

Ito ay nagpapatunay lamang na malayo ang mararating, ng mga progresibong hanay, kung magkaisa lamang sa pakikibaka.

Subali't ang bantang panganib ay nabawasan na, kung hindi man naalis nang tuluyan. Ayon na rin sa Pangulong Lopez ang dalawang panganib na tunay na nagsilbing malakas na lubid upang pagbuklurin ang nagkaisang hanay ay ang sumusunod: una, ang "virtual military occupation" ng Pamantasan ng pasistang sundalo ng pamahalaan; at pangalawa, ang bantang pagsara ng Pamantasan na nagmula sa mga reaksiyonaryong sektor ng Kongreso. Ang mga pasistang sundalo ay napalayas na. Ang bantang pagsasara ng Pamantasan ay napawi ng tumutol ang ilang miyembro ng Kongresong may simpatiya sa mga progresibo. Ayon na rin sa Pangulong Lopez noong magsalita siya sa harap ng nagkakaisang hanay noong nakaraang Miyerkoles, ang mga barikada ay sagisag lamang ng wastong pagtutol sa dalwang bantang panganib.

Ang mga barikada, kapag ipinagpatuloy ay maaring mapalitan ng pakahalaga. Mula sa isang sagisag ng wastong pagtutol at pakikibaka, ito ay magiging sagisag ng di-makatarungang pagsupil sa mga bumubuo ng nagkakaisang hanay na rin. Ito ay dahil sa sumusunod:

(1) Ang dalawang bantang panganib na nabanggit ay nabawasan na o maaring nawala nang tuluyan;

(2) Ang patuloy na pagsara ng Pamantasan ay nangangahulugang ng pagtigil ng mga klase ay maaring magbunga ng pagsasawalang bisa ng semestre na isa sa bantang panganib na ating nilabanan at natalo. Samakatuwid, ang ating ipinaglaban ay maaring magbunga sa wala;

(3) Ang mga maggagawa ay labis na mapipinsala sa kanilang nais na kumita. Halimbawa, ang mga manggagawa sa cafeteria ay napatigil sa kanilang gawain. Ito ay maaring magbunga sa pagkalayo ng simpatiya ng mga manggagawa sa progresibong hanay. Ang patuloy na pagbawal sa pagpasok ng mga bus at jeepney na siyang ginagamit ng mga manggagawa at empleyado sa pagpunta sa kanilang pinapasukan sa labas ng Pamantasan ay isa pang bagay na maaring maglayo ng simpatiya ng mga manggagawa.

Sa harap ng mga katotohanang ito, kami ay nanawagan sa lahat na bumubuo ng progresibong hanay, lalo na sa mga lider estudiante na ang mga barikada ay alisin na. Gamitin naman natin ang ibang paraan ng pakikibaka, yaong mga paraang hindi masyadong makakapinsala sa mga sumisimpatiya sa progresibo.

ALISIN ANG BARIKADA
IBUWAL ANG PASISMO

ITULOY ANG PAKIKIBAKA
MABUHAY ANG NAGKAKAISANG HANAY

iko-5 ng Pebrero, 1971

UPSCA LAW CHAPTER